

# DV, Divorce

## Sa pagkawala ng lugar masisilungan

### ★★ Matulunging Kamay mula “Japanese social security system”

Kahirapan sa pamumuhay ang katotohanan sa isang nawalan ng trabaho bunga ng pagbagsak ng ekonomika, o pagkasira ng masayang pamilya at tahanan. Kung kulang ang panggastos para sa pagkain, damit at tirahan, ang huling makakatulong ay ang “social security system”. Naisip mo ba ang sistema ng tulong na ito?

Taong 2008, Ang Fujimino International Cultural Exchange Center ay naharap sa higit 670 ng kaso ukol sa “life consultation”. Banyagang residente ay nahirapan mamuhay sa Japan sa dahilang hindi kayang harapin ang sitwasyon ng pamumuhay, particular na sitwasyon bilang banyaga. Ano mang katanungan, Maari po lamang na pumunta sa “center” para sa konsultasyon.

Kailan lang, 2 kaso ang aming hinarap ukol sa mag-ina na kailangang umalis sa kanilang bahay at matulog nalang sa “park”. Kami ay nasorpresa ng marinig ang kanilang istorya. Ang una, ang ina ay pina alis sa kanyang trabaho. Hindi na kayang magbayad ng bahay kaya kailangan umalis kasama ng anak. Subalit sila ay merong “residence visa”, madali silang natulungan. Pakalipas ng 2 linggo pamalagi sa “shelter”, Ang staff ng “city hall” ay nagkaroon ng interbyu at imbestigasyon. Ang resulta, aprobado upang tumanggap ng “social welfare” kaya sila ay nakakuha ng matutuluyan malapit sa dating tinitirahan. Ganun din ang anak ay masayang nakabalik sa paaralan.

Isa pang kaso, Isang ina kasama ang anak umalis sa kanilang bahay dulot ng magulong relasyon sa asawa. Matapos matagpuan sa isang “park” at pinatuloy sa “shelter”, kami ay naawa sa nakita naming “vinyl sheet”. Sila ay napag-alamang biktima ng DV. Ngayon ay panatag na silang nakatira sa sariling bahay. now peacefully in the new flat.

### Ibat-ibang sistema tulong sa pamumuhay

Upang maiwasan ang di maayos na buhay sa kalsada, tingnan maigi ang mga sistemang tulong.

#### ● Social Insurance

- ① **National Health Insurance** • • • bawas bayad sa hospital. Hindi pwede sa “illegal aliens”.
- ② **Health Insurance** • • • para sa trabahador pwede pati “illegal aliens”.
- ③ **Workmen’s Accident Compensation Insurance** • • • para sa nasugatan o nagkasakit sa oras ng trabaho. Pwede sa “Illegal aliens”.
- ④ **Unemployment Insurance** • • • pagbigay suporta sa nawalan ng trabaho. Pwede sa “Illegal aliens”.
- ⑤ **Nursing Care Insurance** • • • para sa kailangan ng “nursing care” upang tirahan, subalit hindi pwede sa “illegal aliens”.

#### ● Social Security

**Welfare** • • • para sa hindi kaya ang pang araw-araw ng gastos, subalit hindi pwede sa “illegal aliens”.

#### ● Pension

**National Pension • Employee’s pension** • • • ito ay para sa matatanda na nakatapos ng pagbayad ayon sa tinakdang panahon. Ang “illegal aliens” hindi maari, subalit sa “Employee’s pension” pwede sila.

#### ● Social Benefits

- ① **Child Support • Child Support Allowance for Disabled Child** • • • hindi pwede sa “illegal aliens”.

[www.ficec.jp/foreign/](http://www.ficec.jp/foreign/)

● The back numbers of “Information Fujimino” are available at online.

